DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE

RELEASED
BY: DepED DATE: 31 JUL 2017
NAME/SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

---

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 272 serye 2017

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro Ng Mababa at Mataas Na Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD,** CSEE
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pagdagdag Ng Kategorya Sa Pansangay Na Tagisan Ng Talento 2017 At Pag-angat Sa Lebel Ng Kompetisyon**

Petsa: Hulyo 31, 2017

---

1. Alinsunod sa Memorandum Pansangay Blg. 251, serye 2017 na pinamagatang "Pagbabago sa Kategorya Ng Pansangay Na Tagisan Ng Talino 2017" na ipinalabas noong Hulyo 20, 2017, nais ipaalam sa mga guro sa Filipino at mga punungguro ng Elementarya at Sekundarya at mga Tagamasid Pampurok na may mga kategoryang idadagdag at iangat hanggang Pansangay na lebel ang patimpalak sa iba't ibang larangan.

2. Sa Baitang 1-6 ay manatili ang lahat na kategorya (Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 160, serye 2017 na ang pampaaralang paligsahan ay isasagawa sa Agosto 25, 2017 at ang pandistritong Patimpalak ay magkasabay na isasagawa ng lahat na distrito sa Agosto 31, 2017.

3. Para sa Junior High School, ang mga kategorya na magsimula sa pampaaralang patimpalak na isasagawa sa Agosto 25, 2017 at bukas sa lahat na mag-aaral sa Baitang 7-10 ay ang mga sumusunod:

a) Paligsahan sa pag-awit ng awiting Pilipino - isang kalahok
b) Balagtasan
c) Interpretatibong Pagbasa
d) Madulang Sabayang Pagbigkas – Maximum ng 15 kalahok - (Pinapalitan ng kategoryang ito ang **Informance)**

4. Ang dagdag na kategorya ng dagliang talumpati para sa Senior High School ay dalawahang pag-awit ng awiting Pilipino (*minus one)* na bukas din sa lahat ng mag-aaral sa Baitang 11 at 12.

5. Ang Pangkongresyunal Na Lebel ng Patimpalak (Elementarya at Sekundarya) ay magkasabay na isasagawa sa Setyembre 22, 2017 at itinatakda sa mga sumusunod na venyu:

CD 1- Polanco Central School – c/o G. Rolando Gerzon at Dr. Antonina Gallo
CD 2- Manukan East Central School –c/o Dr. Marlou Elcamel at Dr. Remegio Luy
CD 3- Bacungan Central School –c/o G. Rizaldo Castillon at Dr. Melecio Asentista

6. Ang lalahok sa Pandistrito at Pangkongresyunal na Patimpalak ay ang panalo ng unang puwesto lamang, samantalang ang lalahok sa Pansangay Na Tagisan ng Talento Sa Filipino ay ang panalo ng Una, Ikalawa at Pangatlong puwesto ng PANGKONGRESYUNAL Na Patimpalak kung kaya't may siyam (9) na kalahok para sa bawat kategorya ng paligsahan.

7. Ang Pansangay Na Tagisan Ng Talento 2017 ay sabay na isasagawa sa Division Integrated Competition sa Sindangan National Agricultural School ngayong darating na Oktubre 12-13, 2017.

8. Hinihikat ang lahat na komite, Tagasanay, mga kalahok at mga panauhing pandangal na magsuot ng maka-Pilipinong damit sa araw ng mga patimpalak.

9. Ang mga Panuntunan para sa mga dagdag na kategorya sa Pansangay Na Tagisan Ng Talento sa Filipino 2017 ay kalakip ng Memorandum na ito.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 272, serye 2017**

**PAMANTAYAN SA MADULANG SABAYANG PAGBIGKAS**
**(Baitang 7-10)**

**I. Panuntunan:**

1. Ang paligsahan ay gaganapin sa Sindangan National Agricultural School.
2. Bukas ang paligsahan sa mga estudyante ng Baitang 7 hanggang Baitang 10.
3. Bawat kalahok na pangkat ay binubuo ng 15 kasapi at isang Tagasanay.
4. Pinahihintulutan ang paglalapat ng himig, tunog, o awitin at ang pagkakaroon ng Koryograpi.
5. Mahalaga sa madulang sabayang pagbigkas ang tinig, bigkas, pormasyon, blaking, ekspresyon, imahinasyon, interpretasyon, damdamin, tamang pagbigkas at larawang-diwa.
6. Maglapat ng sariling sining.
7. Hindi bababa sa tatlong minuto (3 mins.) at hindi naman lalampas sa limang minuto (5 mins.) ang kinakailangan upang tapusin ang piyesa.
8. Bawat lalabis na minute ay kabawasang isa (1) punto na tatamuhin mula sa hurado.
9. Tatanggapin ang anumang kasuotang angkop sa piyesa ng Madulang Sabayang pagbigkas
10. Mga dapat tandaan habang bumibigkas:
    a. Asul na watawat – hudyat na maaari ng magsimula ang mga kalahok.
    b. Dilaw na watawat – hudyat na kalahati na sa itinakdang oras ang natitira.
    c. Pulang watawat – hudyat na kalahating minute na lang ang natitira sa oras
11. Ang mga magwawagi ay magkakaroon ng titulo at magkakamit ng mga sumusunod:
    a. Ekspert/Dalubhasa (unang gantimpala) – tropeyo at sertipiko ng karangalan
    b. Guro/Maestro (ikalawang gantimpala) – tropeyo at sertipiko ng karangalan
    c. Nubat/Aprentis (ikatlong gantimpala) – tropeyo at sertipiko ng karangalan
12. Final ang desisyon ng Hurado

**II. Krayterya:**

1. **Interpretasyon** ---------------------------------------------------- 60%
   a. Orkestrasyon ng tinig -30%
      (Pagkahalo-halo, pagkakasabay-sabay, pagbuo, lakas, taginting, Tempo, uri ng tinig at kaangkupan sa diwa ng piyesa)
   b. Koryograpi (kilos, galaw,kumpas,blaking) ----------------15%
   c. Kaangkupan ng ekspresyon ng mukha ------------------15%

2. **Sangkap na Teknikal** ---------------------------------------------------15%
   (Kaangkupan ng pag-iilaw, tunog, awitin )

3. **Panghikayat sa madla** -------------------------------------------------25%
   a. Katauhan/personalidad ------------------------------10%
   b. Hikayat ---------------------------------------------- 5%
   c. Kasuotan -------------------------------------------- 10%

**Kabuuan** ------------------------------------------100%

AT THE BACK

**Kalakip Ng Memorandum Pansangay Blg. 272, serye 2017**

# MEKANIKS SA DALAWANG PAG-AWIT
## (Baitang 11-12)

1. Ang mga kalahok ay mula mga estudyante sa Senior High School.
2. Ang piyesa ng awit ay mga musikang Pilipino.
3. Maaring parehong lalaki/babae o lalaki at babae ang kalahok.
4. Iminumungkahi na ang bawat kalahok ay magdala ng kani-kanilang minus one/CD ng kanilang awit.
5. Ang mga magwawagi mula Una hanggang Ikatlong gantimpala ay tatanggap ng tropeo at Sertipiko ng Pagkilala.
6. Ang pasya ng mga hurado ay pinal at hindi na maaaring pasubalian.
7. Ang krayterya sa dalawahang pag-awit ay ang sumusunod:

| | |
|---|---|
| **A. Tonal Quality** | **40%** |
| Diksyon (10%) | |
| Voice Projection (15%) | |
| Blending (15%) | |
| | |
| **B. Ekspresyon** | **40%** |
| Dynamiks (30%) | |
| Lakas at hina, bilis/ bagal/Emosyon / Interpretasyon (10%) | |
| Kabuuang Impak (10%) | |
| Pagtayo, paningin, kagamitan at Koreograpiya (10%) | |
| **C. Kumpas** | **20%** |
| **Total** | **100%** |